

## Pasimula

Ano ang tatlong katangian na hinahanap mo sa isang kandidato sa panahon ng halalan? Bakit mahalaga ang mga katangiang ito para sa pagbuto ng isang public servant?

## Pagsusuri

Ang mga pinaka makapangyarihan at matagumpay na mga bansa tulad ng US at United Kingdom – ang pundasyon nila ay matatag na paniniwala sa Christian principles at values na inilagay nila mismo sa kanilang Saligang Batas.

Gayundin naman, ang mga nagbalangkas sa 1987 Philippine Constitution ay kinilala ang pangangailangan sa karunungan ng Dios para “mapamahalaan ng tama” ang ating bansa. Ano ang kapansin-pansin tungkol sa ang Biblia ay dapat na maging gabay sa pamamahala ng bayan?

**Ano ang mga katangian ng isang mabuting lider?**

### 1. KATANGIAN NG MABUTING LIDER

Ang mga katangian ng isang magaling na pinuno ayon sa World Bank at United Nations, ay magaling, makapangyarihan, at may mabuting asal. Ang panuntunang ito ay tumutukoy sa isang mahusay na pagkatimbang ng KARAKTER AT KAKAYAHAN.

### 2. MGA MINISTRO AT MGA LINGKOD NG DIOS SA GOBYERNO

“<sup>1</sup>Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. <sup>2</sup>Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa.” - Roma 13:1-2

Kaya, tayo ay nagbibigay-galang at nagpapasakop sa gobyerno dahil ang Dios ang nagtalaga dito. Ang mga lider sa gobyerno ay binigyan ng responsibilidad na isulong ang dalawang pangunahing gawain ng pamamahala: gawin ang tama at pigilan ang kamalian. Pakinggan ang payo ni Apostol Pedro:

“<sup>13</sup>Alang-alang sa Panginoon, pasakop kayo sa lahat ng may kapangyarihan sa bayan, sa Emperador, na siyang pinakamataas na kapangyarihan, <sup>14</sup>at sa mga gobernador, na isinugo niya upang **magparusa sa mga gumagawa ng masama at magparangal sa mga gumagawa ng mabuti.**” - 1 Pedro 2:13-14

### 3. PAMANTAYAN SA PAMUMUNO AYON SA BIBLIA

Sa isang papel, isulat ang dalawa o tatlong kandidato na gustong maging presidente sa darating na halalan.

Sa mga katangian ng isang mabuti at maka-Dios na lider ayon sa Biblia, bigyan mo ng puntos ang iyong mga kandidato gamit ang 5-point scale, 1 ang pinakamababa at 5 ang pinakamataas. Ang ibig sabihin ng “5” sila ay tuluy-tuloy na nakikitaan ng mga katangiang ito, at ang ibig sabihin ng “2” bihira silang nakikitaan ng mga katangiang ito.

# Have you invited others to **join this movement?**

Invite them to sign up today via [cvm.com.ph](http://cvm.com.ph) or download the app in the App Store (iOS) or Google Playstore, just search for “**Christian Values Movement**”.

## a. KARAKTER

Sa Biblia, si Joseph ay isang halimbawa ng taong naglingkod sa pampublikong opisina. Pinatunayan nya na karapat-dapat siya sa kanyang posisyon sa pamamagitan ng pamumuhay na may kredibilidad at mataas na integridad. Ginagawa nilya ang tama kahit walang may nakatingin sa kanya. Nang tuksuhin siya ng asawa ng kanyang amo, sinabi niya,

“<sup>8</sup>Tumanggi si Jose at ang sabi, “Panatag po ang kalooban ng aking panginoon sapagkat ako'y narito. Ginawa niya akong katiwala, <sup>9</sup>at ipinamahala niya sa akin ang lahat sa bahay na ito, maliban sa inyo na kanyang asawa. Hindi ko po magagawa ang ganyan kalaking kataksilan at pagkakasala sa Diyos.” - Genesis 39:8-9

Pinagsilbihan niya ang kanyang amo ng may integridad at kahusayan, pero higit diyan alam ni Joseph na may pananagutan siya sa Panginoon sa lahat ng ginagawa niya.

Kumusta ang kandidato mo pagdating sa kanyang karakter, lalo na sa kanyang integrity? May takot ba ang iyong kandidato sa Diyos at accountable ba siya sa Panginoon? Nahuli ba siya o naakusahang nagsinungaling o nanloko? I-rate mo siya gamit ang 1 to 5 scale.

## b. KAKAYAHAN

Napaka-importante din ng kakayahan upang magawa nang mabisa at matagumpay ang trabaho. Si Joseph ay isang magandang halimbawa din dito. Sa Genesis 41:38-41, makikita natin kung paano pinuri ng Pharaoh si Joseph hindi lamang sa kanyang karakter kundi pati ang kanyang kakayanan:

“<sup>38</sup>Sinabi nila, “Bakit pa tayo hahanap ng iba, samantalang nasa kanya ang Espiritu[a] ng Diyos?”  
<sup>39</sup>Kaya't sinabi ng Faraon kay Jose, “Ang Diyos ang nagpakita sa iyo ng lahat ng ito, kaya't wala nang hihigit pa sa iyo sa karunungan at pang-unawa. <sup>40</sup>Ikaw ang pamamahalain ko sa buong bansa, at susundin ka ng lahat. Ang aking trono lamang ang hindi mapapasaiyo. <sup>41</sup> At ngayon, inilalagay kitang gobernador ng buong Egipto!”

Kinilala ng Pharaoh ang kakayahan, takot sa Diyos, at karunungan na batayan para sa napakahalagang posisyon na iyon.

Kumusta ang mga kandidatong inilista mo pagdating sa kakayahan? May track record ba sila pagdating dito? Ano ang kanyang personal na accomplishment bilang isang opisyal sa gobyerno? Kaya niya bang mamuno ng may karunungan? Anong rate mo sa kanya gamit ang 1 to 5 scale?

## c. PAMILYA

Importante ang righteousness at moral uprightness sa kinabukasan ng anumang bansa at ang pinag-uumpisahan niyan ay ang tahanan.

“Ito nga ang Kautusan at mga tuntuning ibinigay niya sa akin, na siya ninyong susundin...at sa inyong mga anak at sa mga susunod na salinlahi upang magkaroon kayo ng takot sa kanya...Kung magkagayo'y sasagana kayo...” - Deuteronomio 6:1-3



# Have you invited others to **join this movement?**

Invite them to sign up today via [cvm.com.ph](http://cvm.com.ph) or download the app in the App Store (iOS) or Google Playstore, just search for “**Christian Values Movement**”.

Bago pa man isulong ng isang lider ang Christian values sa pamamahala, dapat ay makita muna ito sa kanyang tahanan. Dapat parehong makikita ito sa pribado at pampublikong buhay nlya. Kumusta ang iyong kandidato pagdating sa kanyang pamilya? Makikita ba ang mga values na kanyang isinusulong sa kaniyang pamilya? Mayroon bang paggalang sa kanya ang kanyang asawa at mga anak? I-rate mo siya ng 1-5.

## d. **HUSTISYA**

“Katarungan lamang ang inyong paiiralin, at kayo'y mabubuhay nang matagal sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.” - Deuteronomio 16:20

May kasabihan na “justice is how LOVE looks like when done in public”. Pantay-pantay ba ang pagtrato sa mahirap at mayaman? Ang mga polisiya bang ito ay may kinikilingang grupo? Maaaring ang lahat ng kandidato ay may mabuting hangarin, pero kailangang alam nila kung paano isasagawa ang mabubuting hangaring ito sa mga programang nagsusulong ng hustisya sa lipunan.

I-rate mo ang iyong mga kandidato pagdating sa hustisya. Anu-anong programa o polisiya ang ipinatupad nila para lipulin ang kahirapan? Mayroon bang kultura ng “palakasan” sa kanila? Hinahayaan o kinokondena ba nila ito? I-rate mo sila 1 to 5.

## e. **PANANAGUTAN**

Ang mga lider ay kailangan ay may pananagutan sa kanilang mga ginagawa, kabilang dito na transparent sila at inaako nila ang responsibilidad sa lahat ng ginagawang desisyon. Kahit na magaling at mabuti ang mga lider, kung wala silang pananagutan kaninuman, madali silang maligaw tungo sa paggawa ng katiwalian at masubo sa kompromiso.

Narito ang ilang payo mula sa Biblia na mababasa sa Ecclesiastes 4:9-10:

“<sup>9</sup>Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. <sup>10</sup>Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal.”

Suriin mo ang iyong mga kadidato kung meron ba silang pananagutan sa mga tamang tao. Sino at anong klaseng mga tao ang nakapaligid sa kanila? Napapaligiran ba sila ng mga maaasahang tao? Nakikinig ba sila sa mabubuting payo? Ano ang rate nila sa scale of 1 to 5?

### **Public service is a public trust. Our Philippine Constitution states:**

“Ang mga opisyal at empleyado ng publiko ay dapat, sa lahat ng oras, ay may pananagutan sa mga tao, paglingkuran sila nang may lubos na responsibilidad, integridad, katapatan, at kahusayan; kumilos nang may pagkamakabayan at katarungan, at mamuhay ng mahinhin.”--The Philippine Constitution, Article XI, Section 1 (Translated from English)

Ang mga nasa gobyerno ay mga servant-leaders na naatasang pangalagaan ang pangkalahatang kabutihan ng mamamayan at hind lamang ang pansariling kapakanan. Sila ay hindi lang servants of the people pero servants of God din. Sa bandang huli, mananagot sila sa Panginoon. Ipanalangin at piliin ang mga opisyal sa gobyerno na sumusunod sa mga pamantayan ng Cristiano!



# Have you invited others to **join this movement?**

Invite them to sign up today via [cvm.com.ph](https://cvm.com.ph) or download the app in the App Store (iOS) or Google Playstore, just search for “**Christian Values Movement**”.

## PAG-UUSAPANG MGA TANONG

Pagpalain tayo ng Panginoon and pagpalain ang ating bansang Pilipinas! Ang susunod na hakbang ay ang pagsuporta sa mga kandidato na ang buhay, asal, paniniwala at polisiya ay naaayon at nagrerepresenta ng values na inilatag ng salita ng Diyos. Ito ang ating pag-aaralan sa susunod na session: **My Responsibility!**

1. Bakit ang karakter ay mahalaga sa mabuting pamamahala? Paano mo maiimpluwensiyahan ang iba (pamilya, mga kamag-anak, at iba pa) na piliin ang mga kandidato base sa mga pamanatayan ng Dios para sa mga lider sa darating na halalan?
2. Bakit ang kakayahan ay mahalaga para sa mabuting pamamahala? Sa isang sitwasyon, kung saan mo kailangang pumili sa pagitan ng karakter at kakayahan ng politikong ibubuto mo, mas matimbang ba para sa iyo ang kakayahan o karakter ng kandidato? Bakit?

## GAWAIN

1. Aralin ang ratings na binigay mo sa mga kandidatong nasa listahan mo sa Session 3 Exercise. Isaalang-alang muli ang iyong mga piniling kandidato sa pagka-Presidente sa pamamagitan ng pag-research pa nang maigi tungkol sa kanila batay sa mga katangian o pamantayan na tinalakay. Maging mapagkumbaba at bukas ang isipan habang ginagawa ito.
2. Hikayatin mo ang iba para suriin ang mga kandidato gamit ang pamantayang natutunan dito! Imbitahan mo silang magpalista sa araw na ito at matuto sila mula sa mga katuruan dito! Visit our website: <https://cvm.com.ph> or download the app in the App Store (iOS) or Google Play Store, just search for “Christian Values Movement”.

